
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7:

### Pagbabaybay nang Wasto ng mga Salitang Natutuhan sa Aralin, Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas, Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan at Salitang Dinaglat



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Pagbabaybay nang Wasto ng mga Salitang Natutunan sa Aralin, Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas, Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan at Salitang Dinaglat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Girlie Ravara-Banico, Redem Dumadapat- Evangelista

**Editor:** Cristy S.Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Rhenan H. Nisperos**,** Bryan Ephraem E. Miguel

**Tagawasto:** Rhenan H. Nisperos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean C. Enriquez at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagbabaybay nang Wasto ng mga Salitang Natutuhan sa Aralin, Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas, Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan at Salitang Dinaglat

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagbabaybay nang Wasto ng mga Salitang Natutuhan sa Aralin, Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas, Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan at Salitang Dinaglat!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pagbabaybay nang Wasto ng mga Salitang Natutuhan sa Aralin, Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas, Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan at Salitang Dinaglat!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Kumusta ka na?

Binabati kita sa pagtatagumpay mo sa naunang gawain!

Sa modyul na ito, mababaybay mo nang wasto ang mga salitang matututuhan sa aralin at ang mga salitang di-kilala batay sa bigkas.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakababaybay ng mga salitang natutunan sa aralin at mga salitang di-kilala batay sa bigkas (F3PY-Id-2.2, F3PY-If.2.4, F3Py-IIf-2.2, F3PY-IVb-h2).

# *Subukin*

Kopyahin mo nang tama ang mga salitang di-kilala sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. kalupi - ______________________
2. tsubibo - ______________________
3. antipara - ______________________
4. tampipi - ______________________
5. batobalani - ______________________

| Aralin 1 | Pagbabaybay nang Wasto ng Salitang Natutuhan sa Aralin at mga Salitang Di-kilala Batay sa Bigkas |
|---|---|

## Balikan

Unawain mo ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa gamit nito sa pangungusap. Bilugan ang kasingkahulugan nito sa loob ng panaklong. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

1. Luma na ang dekorasyon ni Aling Nena sa bahay kaya bumili siya ng iba't ibang bulaklak upang magkaroon ng bagong (palamuti, paso, aparador).

2. Nakatira sa isang malapad na lote sina Tony at Lito kaya matagal silang natatapos maglinis dahil na rin sa (layo, lawak, lalim) nito.

3. Ang lumang City Hall ng Tagum ay nasa (dulo, gilid, sentro) ng lungsod kaya madali itong nararating dahil nasa gitnang bahagi ito ng Tagum.

4. Bumisita sa Mababang Paaralan ng Mankilam ang mga panauhing dayuhan upang maghandog sa mga mag-aaral ng libreng salamin sa mata. (bisita, sundalo, kaibigan)

5. Maligayang tinanggap ng mga mag-aaral ang salamin sa mata at umuwi silang (umiiyak, malungkot, masaya).

# *Tuklasin*

Basahin ang kuwento upang masagot nang tama ang kasunod na gawain. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Paghihintay
ni: Girlie Ravara-Banico

Sabik na sabik ang magkapatid na sina Eric at Sem dahil ngayon ang araw na mamamasyal sila sa karnabal para sumakay sa **Ferris Wheel** o tsubibo kasama si Tiyo Ruel na kararating lamang galing sa Japan. Alam nilang maraming dalang pasalubong si Tiyo Ruel na nakalagay sa kanyang bag na de gulong o tampipi.


Habang naghihintay sila sa kanilang tiyo ay naisipan nilang kunin ang mga barya sa kanilang **wallet** o kalupi at pinagdikitdikit ang mga ito gamit ang **magnet** o batobalani.

Lumipas ang ilang sandali ay may dumating na isang lalaki ngunit hindi nila agad nakilala dahil sa suot nitong antipara dahil malabo na ang mga mata nito. Ito na pala ang kanilang Tiyo Ruel na kanina pa nila hinihintay. Masaya nila itong niyakap at agad na silang umalis upang mamasyal.


Punan mo ng tamang letra ang mga kahon upang mabuo ang kahulugan ng bawat salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. isang bagay gawa sa isang materyal na magnet

b ☐ t ☐ ☐ a l ☐ n i



2. pitaka - k ☐ l u p ☐




3. salamin sa malabong mata -




a n _ i p _ r _

4. maleta - t a _ p i _ i



5. uri ng gulong at sasakyang panlibangan

t _ u b _ b _





## Suriin

Ang Pagbabaybay o Ispeling ay maaaring pasulat o pabigkas. Kadalasan, sumusunod ito sa alituntunin sa kung anong bigkas siyang baybay. Halimbawa

| Tunog | Baybay |
|---|---|
| /b-a-g/ | bag |
| /m-a-t-a/ | mata |
| /ts-u-b-i-b-o/ | tsubibo |

Mababaybay mo nang maayos ang salita kung alam at naisaulo mo ang tunog ng bawat letra ng alpabeto at maisusulat ito sa tamang pagkasunod-sunod ng mga tunog ng letra ng salitang binababaybay.

Ang mga salitang batobalani, kalupi, miktinig, antipara, tampipi at tsubibo ay mga halimbawa ng salitang di-kilala o mga salitang hindi natin karaniwang ginagamit. Dahil sa ito ay mahirap maunawaan, mahalagang intindihing mabuti kung paano ito ginamit sa pangungusap o pahayag. Sa kasanayang ito, higit na mapapaunlad mo ang iyong bokabularyo.

Halimbawa:



bakuran

h a r d i n

Maraming tanim na halamang bulaklak si Nanay Nelia sa hardin.

## *Pagyamanin*

Gawain 1

Basahin ang kuwento upang masagot nang tama ang kasunod na gawain.

Ang Masayang Tagpuan
ni: Girlie Ravara-Banico

Masaya. Walang kasing saya. Ito ang nararamdaman namin tuwing umaga pagpasok sa klase ni Gng. Cristy Pascual. Bukod sa malinis at maayos, maaliwalas din ang aming silid-aralan.

Tuwang-tuwa kaming nagbabasa ng mga kuwento gamit ang miktinig para sa mas malakas at malinaw na pagsasalita. Kung minsan, kapag may mga salitang hindi namin naiintindihan, sumasangguni kami sa talatinigan.

Gumagamit si Gng. Pascual ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo katulad ng **internet** at **laptop**. Dala-dala niya palagi ang


pantablay para hindi malo-**lowbat**. Kung minsan ay hinahayaan niya kaming mangalap ng impormasyon sa pook-sapot tulad ng **Google** at **Youtube** gamit ang internet.

Sa pagtatapos ng taon, isang makulay na abaniko ang aming handog para kay Gng. Pascual bilang sukli sa napakagandang karanasan sa aming masayang tagpuan.

Tukuyin mo ang larawan sa bawat bilang. Bilugan ang tamang baybay ng larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. 

talatinigan    talatinogan    talatunugan

2. 
pantamlay    pantablay    pansablay

3. 

pook-sipat    pook-sapat    pook-sapot

4. 
miktinig    maktunog    metunog

5. 
abaniko    abako    abiko

Gawain 2

Basahin at unawain ang pangungusap at piliin sa loob ng kahon ang tamang baybay ng kasingkahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Bumili ng bagong lagari at martilyo ang karpintero.




| |
|---|
| anluwage<br>anlagi |

2. Tumawag sa telepono ang ama ni Jessie mula sa ibang bansa.




| |
|---|
| katinig<br>hatinig |

3. Kay gandang pagmasdan ng mga ulap mula sa bintana.



| |
|---|
| durungawan<br>hawanan |

4. Kinumpuni ni tatay ang sirang upuan.



| |
|---|
| salumpuwit<br>sampitan |

5. Mataas ang lipad ng eroplano.



| |
|---|
| talipapa<br>salipapaw |

## Isaisip


Mababaybay mo nang maayos ang salita kung alam at naisaulo mo ang tunog ng bawat letra ng alpabeto at maisusulat ito sa tamang pagkasunod-sunod ayon sa salitang binabaybay.


Ang mga salitang di-kilala ay mga salitang hindi natin karaniwang ginagamit. Kinakailangang mapaunlad mo ang iyong bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa nang may pag-unawa sa bawat pahayag.


## Isagawa


Punan mo ng tamang letra ang mga kahon upang mabuo ang pangalan ng bawat larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. 





2. 



3.  


4.  



5.  






## *Tayahin*

Basahin mo ang pangungusap at isulat ang tamang pangalan ng larawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ako ay natapilok sa aking paglalaro kaya masakit ang aking

  .

2. Ang sarap humiga at matulog sa malambot na

  .

3. Maliliit ang mga  ng sitaw.

4. Masarap ang salad na  .

5. Magaganda ang mga  sa sapa.

## Karagdagang Gawain

A. Ikahon ☐ mo ang salitang nasa tamang baybay na nasa loob ng panaklong sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Maraming (bigas, begas, bagas) ang naani ni ama.


2. Mangga ang paborito kong (purtas, prutas, putras).

3. Masarap maligo sa (olan, ulen, ulan).

4. Dapat nating igalang ang ating (bandila, bandela, bondila).

5. Ang aking mga (daleri, dalere, daliri) ay mahahaba.


B. Isaayos ang mga letra upang mabuo ang tamang pangalan ng bagay na nasa kaliwa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

6.  s l a a p i

7.  l b a a h a

8.  s y l i p i o

9.  b a h s a a n

10.  t n i i o d r

# Alamin


Magandang umaga. Sa araling ito matututuhan mong baybayin nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig, batayang talasalitaan at mga salitang dinaglat.
Magandang umaga po naman. Sabik na po ako sa ating bagong aralin.
Nakatutuwang malaman na ikaw ay nasasabik sa ating leksiyon.
Sige na po umpisahan na po natin ang pag-aaral.

# Subukin

Basahin ang mga salita at kulayan ng berde ang dahon na may tamang baybay. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | ixtradition | ekstradisyon | ekstradisiyon |
| 2. | eksklusibo | eksklosibo | eksklusebo |
| 3. | asambleya | asembleya | asimbleya |
| 4. | kalamidad | kalamedad | calamidad |
| 5. | eksperemento | eksperimento | ekspiremento |

# Aralin 2 — Pagbabaybay nang Wasto sa mga Salitang may Tatlo o Apat na Pantig, Batayang Talasalitaan, Salitang Dinaglat

## *Balikan*

Basahin mo ang mga salita at pagpapantig-pantigin mo. Isulat ang bilang ng pantig ng bawat salita. Tingnan ang halimbawa na nasa baba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: paaralan → pa – a – ra – lan = 4


1. mamamayan → ____________________________ = _______
2. pangungusap → ____________________________ = _______
3. salita → ____________________________ = _______
4. tularan → ____________________________ = _______
5. mabait → ____________________________ = _______
6. biyaya → ____________________________ = _______
7. mapitagan → ____________________________ = _______
8. kwaderno → ____________________________ = _______
9. mag-aaral → ____________________________ = _______

10. magalang → ______________________ = _____

## *Tuklasin*

Isulat ang nararapat na daglat ng mga salitang nasa puno. Isulat mo ang tamang baybay sa sagutang papel.

Halimbawa: doktor – **Dr.**




1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________

4. ______________________________

5. ______________________________

## Suriin

1. Ang pagbaybay ay ang pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamgitan ng lahat ng kinakailangan na letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod. Ito ay isa sa mga napaka-importanteng bahagi ng isang wika.

2. Pabigkas na pagbaybay – ang pabigkas na pabaybay ay dapat paletra at hindi papantig

   aso = /ey-es-o/
   lapis = /el-ey-pi-ay-es/

3. Pasulat na pagbaybay- manatili ang isa-isang tumbasan ng tunog at letra sa pagsulat na pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

4. Paano ang pagbaybay ng salitang dinaglat?
   Ito ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok.

| Halimbawa: | Pagsulat | Pagbigkas |
|---|---|---|
| | Bb. (Binibini) | (kapital bi-bi tuldok) |
| | Gng. (Ginang) | (kapital dyi-en-dyi tuldok) |

# Pagyamanin

A. Kulayan mo ang kahon ng mga salitang may tamang baybay. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| tsike | Tseke | Tsiki |
| likido | Likidu | likedo |
| Miyerkules | Miyerkoles | Miyerkolis |
| ispeling | espeling | ispileng |
| tiknikal | teknikal | teknekal |
| flixibilidad | fleksebilidad | fleksibilidad |
| eskwelahan | eskwilahan | eskuwilahan |
| kolehiyo | Koleheyo | kolehiyu |
| orihinal | Orehinal | orihenal |
| kunsistent | Konsistent | konsestint |

B. Maaari ring paikliin ang ngalan ng tao at lugar. Isulat ang daglat para sa mga sumusunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: Don Ricardo Briz Central Elementary School – **DRBCES**

1. United States of America - ____________________
2. Pangulong Rodrigo Roa Duterte - ____________________
3. Tagum City - ____________________
4. Quezon City - ____________________
5. Fidel Valdez Ramos - ____________________

## Isaisip

Mga Tuntunin sa Pagbabaybay

*Pabigkas na Pagbaybay

Ang pabigkas o pasalitang pagbaybay sa Filipino ay patitik at hindi papantig. Ang ispeling o pagbaybay ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita.

*Pasulat na Pagbaybay

Mananatili sa pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita ang isa-isang tumbasan ng letra at makabuluhang tunog na ang ibig sabihin ay isa lamang ang tunog sa pagbigkas ng bawat letra kapag naging bahagi ng karaniwang salita.

## Isagawa

A. Ipares mo Ako. Ipares mo ang mga nasa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | B. |
|---|---|
| _____1. Binibini | a. /el-ey-el-ey-key-ay/ |
| _____2. pagkain | b. /em-ey-ji-el-ey-el-ey-key-bi-ey-way/ |
| _____3. lalaki | c. /kapital bi-ay/en/ay/bi/ay/en/ay/ |
| _____4. bayani | d. /pi/ey/ji/key/ey/ay/en/ |
| _____5. maglalakbay | e. /bi-ey-way-ey-en-ay/ |
| | f. / bi-ey-bi-ey-i/ |

B. Pag-ugnayin ang mga dinaglat na salita. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| ____1. Pang. | A. Gobernador |
| ____2. Sen. | B. Doktora |
| ____3. Dra. | C. Kagalanggalang |
| ____4. Gob. | D. Pangulo |
| ____5. Kgg. | E. Senador |

# *Tayahin*

Ang mga sumusunod ay mga salitang ating naririnig at nababasa sa panahong ito. Ito ay mga batayang talasalitaan tungkol sa pandemyang nararanasan ngayon ng buong mundo, ang **COVID-19.** Sa tulong ng larawan, iayos mo ang salitang tinutukoy at isulat ang tamang baybay sa loob ng kahon. Isang letra lamang ang isulat sa bawat kahon. Isulat ang sagot sa patlang.

1. 

samotnis

nararamdaman ng isang taong may sakit

2. 

bou -

malakas na tunog gawa ng pwersahang paglabas ng hangin mula sa baga

3. 

glaant -


pagtaas ng temperatura ng katawan na mas mataas sa 37°C

4.




dayua -

pagbibigay ng tulong pinansyal o materyal sa mga tao lalo na sa panahon ng kalamidad

5. 

obnas -

ginagamit sa paghuhugas ng kamay na aabot sa 20 segundo upang masigurong patay ang mikrobyo



## Karagdagang Gawain

Isakay mo Ako. Hanapin sa loob ng kahon ang mga salitang may tamang baybay at isulat ito sa loob ng tren. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| presentasyon – presintasyun | litiratora – literature |
| desenyu – disenyo | kurikulum – kurekulom |
| pruduksyon- produksyon | |



B. Isulat ang salitang daglat ng mga sumusunod na pangalan ng buwan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Enero - ____________________
2. Pebrero - ____________________
3. Marso - ____________________
4. Abril - ____________________
5. Mayo - ____________________
6. Hunyo - ____________________
7. Hulyo - ____________________
8. Agosto - ____________________
9. Setyembre - ____________________
10. Oktubre - ____________________
11. Nobyembre - ____________________
12. Disyembre - ____________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. kalupi
2. tsubibo
3. antipara
4. tampipi
5. batobalani

**Balikan**

1. palamuti
2. lawak
3. sentro
4. bisita
5. masaya

**Tuklasin**

1. batobalani
2. kalupi
3. antipara
4. tampipi
5. tsubibo

**Pagyamanin**
**Gawain 1**

1.talatinigan
2. pantablay
3. pook-sapot
4. miktinig
5. abaniko

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

1.anluwage
2. hatinig
3. durungawan
4. salumpuwit
5. salipapaw

**Isagawa**

1. palay
2. ugat
3. bagyo
4. kamay
5. dahon

**Tayahin**

1. paa
2. kama
3. buto
4. okra
5. bato

**Karagdagang Gawain**

| | |
|---|---|
| 1. bigas | 6. salapi |
| 2. prutas | 7. labaha |
| 3. ulan | 8. sipilyo |
| 4. bandila | 9. basahan |
| 5. daliri | 10. tinidor |

**Subukin**

1. ekstradisyon
2. eksklusibo
3. asembleya
4. kalamidad
5. eksperimento

**Balikan**

1. ma-ma-ma-yan = 4
2. pa-ngu-ngu-sap= 4
3. sa-li-ta= 3
4. tu-la-ran = 3
5. ma-ba-it = 3
6. bi-ya-ya = 3
7. ma-pi-ta-gan = 4
8. kwa-der-no = 3
9. mag-a-a-ral = 4
10. 10.ma-ga-lang = 3

**Tuklasin**

1. Hen.
2. Gng.
3. Atty.
4. Bb.
5. G.

**Pagyamanin**

| A. | | B. |
|---|---|---|
| 1. | tseke | 1. USA |
| 2. | likido | 2. PRRD |
| 3. | Miyerkoles | 3. TC |
| 4. | ispeling | 4. QC |
| 5. | teknikal | 5. FVR |
| 6. | fleksibilidad | |
| 7. | eskwelahan | |
| 8. | kolehiyo | |
| 9. | orihinal | |
| 10. | konsistent | |

**Isagawa**

| A | B. |
|---|---|
| 1. C | 1. d |
| 2. D | 2. e |
| 3. A | 3. b |
| 4. E | 4. a |
| 5. B | 5. c |

**Tayahin**

1.sintomas

2.ubo

3.lagnat

4.ayuda

5.sabon

**Karagdagang Gawain**

presentasyon
literature
disenyo
Kurikulum
produksyon

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | En. | 6. Hun. | 11. Nob. |
| 2. | Peb. | 7. Hul. | 12. Dis. |
| 3. | Mar. | 8. Ago. | |
| 4. | Abr. | 9. Set. | |
| 5. | Mayo | 10. Okt. | |

# *Sanggunian*

Alde, Amaflor et al. Batang Pinoy Ako- Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino, Philippines: Studio Graphics Corp. 2017

Cardinoza, Florenda et al. Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro - Ikatlong Baitang, 1st ed. Philippines: Rex Bookstore, Inc. 2015

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph